# 1

"Dapat ko bang ipagpasalamat ang pagtawag mo sa akin ngayon?" sarkastikong tanong ng Ate Jane ni Jessica na nasa kabilang linya ng telepono.

Napatawa siya. Alam niyang nagdaramdam ito nang husto sa kanya. Sa loob ng tatlong taon niyang pananatili sa Palawan, mabibilang sa daliri ang mga pagkakataong tumawag siya rito. At ang dahilan?

Iniling niya ang ulo. Ayaw niyang isipin sa ngayon ang tungkol doon, dahil hindi niya gustong malaman ng kanyang kapatid na pakunwari lang ang kanyang kasiyahan.

"You should be," pang-iinis niya. "Kumusta na ang mga bata, Ate?" tukoy niya kina Jana at Gian na mga pamangkin niya.

"They are both fine."

Marami pa silang napag-usapan. Naikuwento niya ritong baka bumalik na siya sa Maynila dahil sa public relations firm na pansamantala niyang ima-manage.

"Talaga?" anito. "That's good! Matutuwa tiyak

ang asawa mo."

"Ate, you're not supposed to tell him about it," aniya.

"Ayaw mo pa siyang makita?" tanong nito.

"Hindi pa ako ready…"

Napabuntong-hininga si Jane. "Hanggang ngayon ay puzzle pa rin sa akin ang biglaan mong pag-iwan sa kanya."

Mariin siyang napapikit. "Not now, Ate," pakiusap ni Jessica.

"I understand."

"Ate, gusto ko lang malaman; inaayos na ba ni A-Andy ang annulment papers namin?" Napakahirap para sa kanya ang pakawalan ang mga salitang iyon. Halos maubusan siya ng hininga habang hinihintay ang sagot ng kausap.

"Walang nababanggit sa akin tungkol doon ang asawa mo. At alam kong wala siyang planong mag-file ng annulment. Mahal na mahal ka ni Andy—"

"Ate, babalik na naman ba tayo diyan?" di-komportableng putol niya.

Bumuntong-hininga ito uli. "Ang mabuti pa'y

siya na ang tanungin mo. Kausap siya ngayon ni Ian sa library," tukoy nito sa bayaw niya, ang pangalawa nitong asawa.

"No!" Nakaramdam ng panic si Jessica. Hindi pa siya handang kausapin si Orlando. Wala sa loob na naibaba niya ang telepono.

"Jessica!" bulalas ni Jane. Sa kauna-unahang pagkakataon ay binabaan ito ng kapatid ng telepono.

"Bakit ka sumigaw, honey?" tanong ni Ian na lumabas sa eleganteng living room, kasunod si Orlando.

"I lost her..." nanlalambot nitong sabi.

"Who?" takang tanong ng asawa.

"Si Jessica."

Bigla ang paglapit ni Orlando sa hipag. "Puwede ko ba siyang makausap? Ano'ng telephone number niya?"

"Hindi ko nakuha. Isa pa'y bigla na lang niyang ibinaba ang telepono nang sabihin kong nandito ka."

Mariin niyang naikuyom ang kamay. "Kung sana lang ay makipag-usap siya sa akin nang harapan para malaman ko ang saloobin niya, hindi katulad

nitong para akong nangangapa sa dilim."

"Be patient with her. Alam kong mayroong malalim na dahilan kung bakit siya nawala sa iyo. At kapag naglabas na siya sa akin ng sama ng loob, I will tell you, para magkaroon kayo ng pangalawang pagkakataon."

"Thanks, Ate," tugon ni Orlando.

Mahal na mahal niya si Jessica. Ang lahat ng mga pagsisikap niya ay para rito. Subalit parang hindi iyon nakita ng asawa, at walang paliwanag ni babalang umalis ito. Hindi naman niya alam kung ano ang maling nagawa niya para bigla na lang siyang iwan nito.

Isa lang ang alam ni Andy: Gagawin niya ang lahat ng kaya niya upang maibalik ito sa kanyang piling…

---

Pasipang hinubad ni Jessica ang suot na rubber shoes. Kadarating lang niya sa dati nilang tirahan. Naging maayos ang paalaman nila ng kanyang lolo at lola. Nangako siyang tatawag sa mga ito nang madalas.

Ayaw na sana niyang bumalik pa roon. Nasanay

na siyang manirahan nang simple sa probinsya. For three years, matagumpay niyang napaglabanan ang depression. O iyon ang inakala niya.

Pero kailangan niyang bumalik sa Maynila. Sa kanya na kasi iiwan ng kanyang pinsan ang public relations firm nito habang naroon ito sa Amerika at nagpapagamot ng sakit nito sa puso.

Wala siyang duda na kaya niyang pamahalaan iyon. Ngunit may takot na sumusulpot sa dibdib niya kapag naiisip na nasa Maynila rin ang dati niyang asawa at hindi malayong magkita sila muli. Gayunpaman, pinayuhan si Jessica ng abuelo na harapin ang takot. Kung talaga umanong hindi na niya mahal ang asawa, gaya ng sinabi niya, walang magiging epekto sa kanya ang muli nilang pagkikita. Samantalahin na rin umano niya ang pamamalagi sa Maynila para ayusin ang annulment nila ni Orlando.

Kaya ngayon, heto siya sa bahay na naging saksi sa pag-iibigan nila ng lalaki.

Si Jane ang nag-asikaso ng apartment na katabi niyon noong nasa Palawan siya. Ayon pa sa nakatatandang kapatid ay sa isang exclusive village sa Makati City kasalukuyang nakatira si Andy.

*Andy*… She thought she had gotten over her

failed marriage with him, kaya nga nagpasya siyang tanungin ang kapatid tungkol sa annulment nila. Nananatiling malapit si Jane at ang pangalawang asawa nitong si Ian kay Orlando sa kabila ng kanilang paghihiwalay.

Ikinagulat niya nang malamang hindi pa rin inaayos ng dating asawa ang kanilang annulment papers. Hindi siya naniniwalang mahal siya nito, gaya ng paniniwala ng kanyang Ate Jane. Kung anuman ang dahilan nito ay wala na siyang pakialam. Kung kinakailangan, siya na ang magpa-file ng annulment.

Napapikit si Jessica nang maramdaman ang pamilyar na sakit sa kanyang dibdib. Hindi man niya maamin, alam niya sa puso niya na mahal na mahal pa rin niya si Orlando. At ang isiping tuluyan na silang maghihiwalay ay sumusugat sa puso niya.

Itinaboy niya ang malulungkot na alaala. Inabot niya ang mga gamit at naghanap ng maisusuot. Pupuntahan na niya ngayon ang opisina ng public relations firm ng pinsan, na simula sa Lunes ay magiging office na rin niya.

Excited na binisita niya ang magiging tanggapan nang araw ring iyon. Nakilala na niya ang mga magiging tauhan niya. Wala na siyang kakailanganin pa dahil ang lahat ay masinop na nakaayos sa

nakatakdang maging tanggapan niya. Siya na lang ang kulang.

Her college education had prepared her for a career in advertising and public relations. Bukod pa rito ang halos dalawang taong pagtatrabaho niya noon sa isang maliit na firm matapos siyang maikasal.

Nilibut-libot ni Jessica ang opisina at nang mangawit ay naupo sa swivel chair sa harap ng malaking mesa. Inabot niya ang babasahin sa katabing magazine rack. Ang makinis niyang noo ay nalukot nang makita ang mukha ni Orlando sa unang pahina niyon.

Binibiro yata siya ng pagkakataon. Unang araw pa lang niya rito sa Maynila at ganito na ang makikita niya?

Napapailing na binasa niya ang titulo ng artikulo. Nakatakdang tumakbo si Orlando bilang congressman sa second district ng Makati. Hindi na niya iyon ipinagtataka. Likas sa dating asawa ang maging ambisyoso. Di nga ba, ginamit siya nito upang maging ganap na abogado? Trabahong kalabaw ang kanyang ginawa, matupad lang ang ambisyon nito. At matapos makuha ang gusto ay ipinakita na nito ang tunay na kulay.

Ang close-up shot ng lalaki na nasa papel ay nang-aakit sa sinumang titingin. Tila napasong binitiwan ni Jessica ang magazine.

"Hindi na ako mahuhulog uli sa bitag mo!" napalakas na sabi niya. Hindi birong hirap ang kanyang pinagdaanan upang magawa itong kalimutan. At kailanman, hindi na siya nito magagawang saktan muli.

Pinilas niya ang pahina kung saan naroon ang litrato ng lalaki. Nilamukos niya ang papel at itinapon sa basurahan.

Tatlong taon. It took her that long to get Orlando out of her system.

Tinapik ni Jessica ang noo. Pilit niyang inaalis sa balintataw ang mukha ng lalaki ngunit wala iyong epekto. Mabilis na bumalik sa kanyang isip ang mga pangyayari ilang taon na ang nakakalipas….

# 2

Five years ago…

Hindi nakatakas sa paningin ni Jessica ang babaeng bisita ni Orlando sa apartment nito. Alam niyang isa itong popular campus figure, palibhasa anak ito ng isang senador. At kahit walang ginagawa sa kanya ang babae, lihim na isinusumpa niya ito sa isip.

Pabalibag niyang isinara ang pinto sa sala. Pakiramdam niya ay sasabog ang kanyang dibdib sa sobrang selos.

Ang lahat ng tungkol kay Orlando ay alam niya dahil matagal na siyang may gusto rito, at inspirasyon para sa kanya ang masilayan ito parati. Lalo pa at nangungupahan ang hinahangaan niyang binata sa apartment na naiwan ng kanyang mga magulang.

Beinte-cinco años na ito. Pareho silang nag-aaral sa *UP Diliman* pero magkaiba sila ng kurso. She was taking up Bachelor of Arts major in Communication Arts, at sa ngayon ay nasa ikatlong taon na siya sa kolehiyo. Si Orlando naman ay alam niyang nakatapos na ng Political Science, ngunit minabuti

nitong magtuloy ng Law.

Isa iyon sa mga hinahangaan niya sa lalaki. Napakasipag nitong mag-aral. Alam niyang sa bahay-ampunan ito lumaki at ang mga sponsors ng orphanage ang nagpaaral dito hanggang high school, subalit nang magkolehiyo ay minabuti nitong magpaalam sa mga madre upang matutunang buhayin ang sarili sa pamamagitan ng sariling pagsisikap.

Guwapo at mabait ito. Sa taglay nitong kasipagan, alam niyang hindi malayong maabot ng binata ang anumang naisin nito sa buhay.

Unang kita pa lamang niya kay Andy, crush na niya ito. At sa sulok ng puso ni Jessica ay naroon ang pag-asa na ganoon din ang nararamdaman nito sa kanya. Palagi niya kasi itong nahuhuling nakatitig sa kanya.

Sa loob ng tatlong buwang pananatili nito sa apartment na iyon ay ganoon na lang ang kanyang katuwaan, at kinikilig siya sa tuwing pag-uukulan siya nito ng pansin o kahit ngitian lang nito.

Buong akala ni Jessica ay may gusto rin ito sa kanya. Pero hanggang ngayon, wala pa itong ipinagtatapat sa kanya na kahit ano. Hanggang

ganoon na lang yata iyon.

Nagdadabog pa rin at bumubulong siya habang nagsasampay ng mga nilabang damit nang hapong iyon nang sumulpot si Orlando sa kanyang harapan.

“Tutulungan na kitang magsampay,” sabi nito at inabot ang hawak niyang basang t-shirt.

Halos mapatalon si Jessica sa gulat. Mabuti na lang at naitago niya iyon ng inis. Iniiwas niya ang t-shirt sa kamay nito. “No, thanks. Kaya ko na ito,” hindi ngumingiting tugon niya.

“Hindi yata maganda ang mood mo?”

“Wala kang pakialam!” she snapped.

“Hey! I’m only teasing you. May problema ba?”

“Huwag mo akong punahin.” Patuloy lang siya sa pagsasampay.

Tila nanghinayang ang anyo nito. “Ganoon ba? Yayain sana kitang kumain sa labas.”

Gulat na napatingin siya sa lalaki. Tama ba ang dinig niya? Umirap siya nang maalaala ang bisita nito kaninang umaga.

“’Wag na. Baka malaman pa ng girlfriend mo, magselos pa iyon,” paangil na saad niya.

Kumunot ang noo ng binata. "Wala akong girlfriend."

Tumulis lalo ang nguso niya. "Wala daw. Eh, sino iyong bisita mo kanina?" Hindi niya napansin na para siyang nobyang nagseselos kung magsalita.

Dahil gigil na nasa pagsasampay pa rin ang atensyon niya, hindi niya nakita ang pagngiti ni Orlando.

"Ah, si Larisa? Kinuha niya akong tutor sa ilang subjects nila."

Natigilan si Jessica. Nalimutan niyang isa nga pala sa mga sidelines ng binata ang mag-tutor para madagdagan ang panggastos nito.

"I… I thought s-she's your girlfriend," kaswal na sabi niya. Hindi niya ipinahalata ang naglalatang na damdamin.

"Hindi totoo iyan. Kaibigan ko lang siya. At isa pa'y nobya siya ng kaibigan ko." Gustong magdiwang ng dalaga sa narinig subalit pinigilan niya ang sarili. "So puwede ba kitang yayaing mag-dinner mamaya? O bukas na lang?" anito nang hindi siya nakapagsalita.

Wala sa loob na napatango siya.

Nang marating nina Jessica at Orlando ang simple yet cozy na restaurant, kaagad humingi ang dalaga ng paumahin. Nahihiya siya dahil hindi man lang siya nakabili ng regalo. Kaarawan pala noon ng lalaki.

"Sapat nang mapagbigyan mo ang kahilingan ko at sumama ka sa akin ngayong gabi," nakangiting turan nito.

Hindi niya maiwasang kiligin dahil sa isiping siya ang napili ng binata na makasama sa mahalagang okasyong iyon sa buhay nito.

"I wish I can afford to offer you steaks and champagne, but I'm afraid at present, I'm on a very tight budget."

"Hey! I'm not asking for more." Tinapik niya ang braso nito.

Habang nagdi-dinner ay kung saan-saan nauwi ang kanilang usapan. Hindi sinasadyang nailahad ng binata ang plano nitong paghinto sa pag-aaral. Ayon dito, lumalaki na ang gastos at nahihirapan na itong mag-concentrate sa pag-aaral dahil sa trabaho nito bilang waiter sa isang resto-bar sa gabi. Ngunit sinabi nitong mag-iipon lang ito at saka na lang

muling haharapin ang huling taon ng pag-aaral.

Nalungkot si Jessica. Nanghihinayang siya na kailangan pa nitong huminto gayong isang taon na lang at magtatapos na ito.

Most of the time, hindi ito kaagad nakakapagbayad sa apartment. Subalit nauunawaan niya iyon. Wala na itong ibang masasandalan. Siya, kahit papaano ay may inaasahan pagdating sa usaping financial. Nandiyan din ang nakatatanda niyang kapatid na si Jane. May asawa na ito at nakatira na sa Tarlac, ngunit todo ang suporta nito sa kanya. Pinaubaya na rin nito sa kanya ang apartment na iniwan ng mga magulang nila.

Kung siya ang nasa kalagayan ni Orlando, baka hindi na niya iyon nakayanan. Ngunit malakas ang loob ng binata at self-motivated ito. Sa tingin niya, malayo ang mararating nito.

Lalo tuloy nahulog ang loob ni Jessica rito.

Masuyong ngiti ang pinakawalan niya nang ihatid siya nito sa harapan ng kanyang bahay pagkatapos nilang mag-dinner sa labas.

"'Night, Jessica. And again, thank you. You made me very happy," he said, looking intently into her eyes.

"Don't mention it. Nasiyahan ako sa gabing ito. Salamat din dahil ako ang pinili mong makasama sa kaarawan mo."

"You're so special to me, Jessica. That's why," anas nito.

Napamaang ang dalaga. Pagkatapos, napahugot siya ng hininga nang yumuko ang lalaki at hulihin nito ang bibig niya. Marahang gumalaw at nag-anyaya ang mga labi nito upang tugunin niya ang buong alab nitong paghalik. Ang isang kamay nito ay nasa batok niya habang ang isa pa ay nakayakap sa kanyang katawan. Himalang pinagbalikan pa siya ng tamang kaisipan. Siya mismo ang kumawala sa binata.

"Papasok na ako sa loob," she whispered shakily.

Napatango si Orlando, bagaman naroon ang labis na pangangailangan sa mga mata nito.

---

Katatapos lang ng klase ni Jessica nang mabungaran niya sa pasilyo si Orlando na sadyang naghihintay sa kanya.

"Maagang natapos ang klase namin kaya naisipan kong sumabay sa iyo sa pag-uwi," paliwanag

nito. "Unless, may iba ka pang gustong puntahan?"

"No, sa bahay na ako tutuloy. Marami akong exams bukas at kailangan kong mag-review."

"Then, let's go." Inalalayan siya nito sa siko at saka pinara ang paparating na jeep. On their way home ay prantikong tumibok ang puso ng dalaga. Hindi maalis-alis sa isip niya ang nangyari sa kanila nang nakaraang gabi sa tapat ng pinto ng bahay niya.

Hindi siya sigurado kung ano ang kahulugan niyon sa binata.

Kahit nang marating na nila ang apartment ay nakaalalay pa rin sa kanya si Orlando. Inanyayahan niya ito upang doon na maghapunan sa bahay niya. Hindi naman nito tinanggihan ang imbitasyon. Nagpaalam ito para makapagbihis, ngunit nangako itong babalik kapag oras na ng hapunan.

Pagkabihis ni Jessica ay sinimulan na niyang maghanda ng pagkain para sa hapunan. Humihimig pa siya ng isang malamyos na awitin habang nagluluto.

"Perfect!" palatak niya. Maganda ang pagkakaayos niya sa mesa. Ang masarap na hapunan ay nagpapakalam na sa kanyang sikmura.

Nang makitang wala na siyang dapat pang gawin sa komedor ay pumasok na siya sa loob ng silid upang ang sarili naman ang pag-ukulan ng pansin.

---

Masiglang tinungo ni Orlando ang tahanan ni Jessica. Ito ang tanging babaeng nagpatibok sa kanyang puso. Matagal niyang pinigil ang damdamin para rito dahil inaalala niya ang katayuan niya sa buhay. Wala pa siyang maiaalay rito na marangyang buhay, ngunit ito ang naging inspirasyon niya para patuloy na magsumikap. Ang lahat ay kaya niyang suungin para sa babaeng iniibig.

Ngunit hindi na niya kaya pang hintayin ang araw na iyon para makapagtapat dito ng nararamdaman. Noong gabing hagkan niya ito, nasiguro na niya ang lahat. Mahal niya si Jessica at ngayong gabi, gagawin niya ang lahat upang mapaibig din ang babaeng alam niyang itinalaga sa kanya ng tadhana.

Hindi niya alam kung may kahahantungan ang kanyang nararamdaman pero handa siyang makipagsapalaran.

"Good evening," bati ng binatang simpatikong ngumiti kay Jessica nang mapagbuksan ito ng huli.

"Tamang-tama ang dating mo. Nakahanda na ang hapunan," conscious na tugon ng dalaga. Alam niyang nakatitig sa kanya ang guwapong binata at hindi niya malaman kung pagsisisihan o hindi ang simple pero medyo sexy dress na iyon.

"Mmm… sa nakikita ko'y mas masarap ka pa sa pagkaing inihanda mo," biro nito.

"Bolero!" Sinuntok niya ito sa sikmura. Sabay silang napatawa.

Sa dining room dumerecho ang dalawa. Napa-'wow!' si Orlando sa masasarap na pagkaing nakahanda sa mesa. Kapwa sila ganadong kumain. Matapos mag-dinner ay inaya ni Jessica ang binata sa sala. Binuhay niya ang CD component upang maalis ang pagkaasiwang nararamdaman. Napalunok siya nang isang malamyos na awitin ang pumailanlang sa katahimikan ng gabi.

"May I dance with you?" untag ni Orlando.

Napabuka ang kanyang labi. The next thing she knew ay nasa mga bisig na siya ni Orlando, at tila nalulunod na napakapit siya sa mga braso nito.

Tumindi ang nararamdaman niya nang paliguan nito ng halik ang palibot ng kanyang mukha. Ang nalalabing katinuan ay naglahong parang bula mula

sa utak niya. Tinutugon niya ang bawat halik... at haplos na iginagawad nito sa kanya.

Bago pa niya namalayan, naibigay na niya ang katawan kay Andy. Tinitigan siya nito nang derecho sa mga mata nang matapos ang maluwalhati nilang pag-iisa.

"Hindi ko na ito kaya pang itago. Mahal kita, Jessica."

Dumaloy ang luha sa mga pisngi niya. Ang kanyang puso ay labis na nagagalak sa ipinahayag ng lalaki.

"Mahal din kita, Andy."

"Alam kong masyado pang maaga ang hihilingin kong ito, pero gusto kong magpakasal na tayong dalawa. I don't want to just have an affair with you dahil may nangyari na sa atin. Gusto ko itong maging permanente. That's why… I want us to get married."

Sumubsob si Jessica sa malapad nitong dibdib. Mahal niya si Orlando. At ang lahat ng naisin nito ay kanyang susundin.

"Sure, darling, I'll marry you."

---

Nang dalawin ni Jane si Jessica sa bahay nila ay hindi nakaligtas sa paningin ng nakatatandang babae ang kakaibang sigla ng dalaga.

"I believe mayroon kang dapat sabihin sa akin. Nakikita ko sa mukha mo ang kakaibang glow," tukso nito.

She grinned. Wala talaga siyang lusot dito.

"I'm in love, Ate. At kilala mo siya, isa sa umuupa dito sa apartment. Also, nagpaplano na kaming magpakasal."

Hindi kaagad ito nakapagsalita. Mayamaya ay hinawakan ni Jane ang mga kamay niya nang maka-recover sa pagkabigla dahil sa ibinalita niya.

"Sa nakikita ko'y masaya ka. Sino ako para tumutol? Ang tanging nais ko'y huwag kang magpadalus-dalos sa pagdedesisyon. They all seem wonderful when you first fall for them." Bakas ang bitterness sa boses ni Jane.

"Andy really is a wonderful man," nakakasigurong tugon niya. "He's a law student." May pagmamalaki sa boses niya.

"Magpapakasal na ba kayo agad? Or after graduation?"

Umaliwalas ang mukha ni Jessica sa tanong nito.

"Nagkaroon na kami ng kasunduan. Hihinto muna ako sa pag-aaral, so he can finish his Law degree. At kapag maayos na ang lahat, he will put me through my final year."

"Hindi ako sang-ayon sa pasya mong huminto sa pag-aaral."

"Para din ito sa aming kabutihan."

"I hope you're right, Jessica." May pag-aalala sa tinig nito. "It's just so hard to judge a man, to know what he's really like, until you're married to him."

Naiintindihan niya ang kapatid. Kasalukuyan kasing on the rocks ang marriage nito sa bayaw niyang isang doktor. Pero magkaiba naman sila at sigurado siyang mahal siya ng nobyo.

Pero hindi alam ni Jane na may isang pangyayari sa kanyang buhay na sadyang inililihim ni Jessica rito... at iyon ay may kinalaman sa asawa nito na pilit niyang kinalimutan. Ang masaklap ay ni hindi niya kailanman nabanggit ang pangyayaring iyon kay Orlando.

"Huwag mong gawin ito sa akin, Ate. Mahal ko

si Andy. Magiging maayos ako sa piling niya."

"Hindi mo ako masisisi kung sobra ang pag-aalala ko sa iyo. Nakababata kitang kapatid. Ipinangako ko sa ating mga magulang na pangangalagaan kita."

"I can understand how you feel, but, Ate, hindi na ako bata. I'm nineteen years old. At alam ko ang aking ginagawa. Isa pa'y walang bata at matanda sa pag-ibig."

Sumusukong napabuntong-hininga na lang si Jane.

"Tama ka. You're a grown-up already, and you're able to make decisions like this for yourself. Just be careful. Ang taong in love ay hindi nakakakilala ng pagkakamali."

# 3

Matapos ang tatlong buwang paghahanda, nagpakasal sina Orlando at Jessica sa huwes. Hindi pumayag ang lalaki na mas matagal pa roon aabutin ang pagpapakasal nila dahil nag-aalala itong baka nagbunga ang isang gabing may nangyari sa kanila.

Dahil biglaan ang kasal, ilang malalapit na kaibigan lamang ang naimbitahan. Mayroon silang napagsabihang mga kamag-anak pero dahil nga hindi agad-agad nakaluwas ang iba mula sa probinsya ay iilan lamang ang nakadalo. Gayunpaman, naroon ang Lolo Vicente at Lola Romina ni Jessica. Mga magulang ito ng yumaong ama niya.

Ang simpleng reception ay ginanap sa malawak na bakuran ng kanilang bahay. Si Jane ang nanguna sa pag-aayos niyon, pati na rin ang pagluluto ng mga putaheng kakainin.

Walang pagsidlan ang kaligayahan ng bagong kasal. At bagaman, may pag-aalala pa ring nararamdaman, nagsawalang-kibo na lang si Jane. Sa tingin nito ay masayang-masaya si Jessica sa piling ni Orlando. Sana nga, hindi siya matulad sa kapatid.

Nilapitan ni Jessica ang kapatid para magpasalamat sa pagtulong na maging maayos ang kasal nila ni Orlando.

"Binabati kita, Jessica. Alam kong nagsisimula pa lang ang iyong kaligayahan."

"Salamat, Ate, sa lahat-lahat."

"Sayang ang cooking lessons na natutunan ko kung hindi ko magagamit sa ganitong okasyon." Isa iyon sa mga hobbies ni Jane.

"Bakit hindi mo kasama si Kuya Fernan?" usisa niya. Pero sa loob-loob niya ay nasusuka siya sa pagkabanggit ng pangalan ng bayaw. Nagpapasalamat siya na hindi kasama ng kapatid ang asawa nito. Hinding-hindi na niya gustong makita pa ang pagmumukha ng lalaking iyon.

Malalim na napahugot ito ng hininga. "As usual, busy."

"But I hope, mayroon siyang panahong inilalaan sa inyong mag-iina."

"Ang mabuti pa'y lapitan mo na ang iyong asawa," pag-iiba ni Jane ng usapan.

Nang lingunin niya si Orlando ay nabanaag niya ang pagkainip sa mukha nito. Marahil ay buwisit

na buwisit na ang asawa sa mga panauhing wala pa yatang balak na umalis. May sumilay na ngiti sa mala-rosas niyang labi, na ikinasalubong ng mga kilay nito.

---

“Good evening, Mr. Dominguez. Malalim na ang gabi. It’s high time para magpahinga ka na… sa sarili mong bahay.”

Tumulis ang nguso ni Orlando. Dere-derechong pumasok ito sa loob ng bahay ni Jessica.

“Bahay ko na rin ito. Isa pa, kakakasal pa lang nating dalawa. Huwag mong sabihing gusto mong makipaghiwalay kaagad sa akin?” nagbibirong ganti nito.

“Paano kung ganoon nga?”

“When you became Mrs. Dominguez, binigyan mo ako ng karapatan sa iyo. At ngayong gabi’y humanda ka! Hindi kita titigilan… hangga’t hindi ka sumusuko.”

“Puro salita.” She rolled her eyes.

“Ah, ganoon!”

Natatawang nagpahabol siya sa asawa. At nang

abutan siya nito ay napuno ng halakhakan ang buong sala. Mayamaya, sabik na nagsalubong ang kanilang mga labi.

Ang bawat araw sa piling ni Orlando ay tila langit para kay Jessica. They could not get enough of each other.

Gaya ng kanilang napag-usapan, huminto si Jessica sa pag-aaral. Naghanap siya ng trabaho at suwerte namang natanggap kaagad sa isang maliit na public relations firm. Ang suweldong natatanggap sa opisina at kinikita sa apartment ay nakatulong nang malaki sa pag-aaral ni Orlando. Sa piling nito ay wala na siyang mahihiling pa. Isa itong mabait at mapagmahal na asawa.

---

Problemadong Jane ang napagbuksan ni Jessica ng pinto noong umagang iyon. Pagkakita nito sa kanya ay lumapit ito at yumakap kaagad nang mahigpit sa kanya.

“Is there a problem?” Inalalayan niya ito papasok sa loob ng bahay. Naupo sila sa sofa.

“Huwag mo na lang akong pansinin.”

“I can’t do that. You’re my sister.”

Mariin itong napakagat sa ibabang labi. Naglandas ang luha nito sa makabilang pisngi.

"Hindi ako dapat nagpakasal kay Fernan. He used me… sa pansarili niyang ambisyon."

Umarko ang kanyang kilay. Hindi niya maintindihan ang sinasabi ng nakatatandang kapatid.

"Hindi kaila sa iyong sinuportahan ko si Fernan sa kanyang pag-aaral. Nagmula din siya sa isang mahirap na pamilya. Nagtiyaga ako makatapos lang siya sa pag-aaral. Ginawa ko iyon dahil mahal ko siya. Ang buong akala ko ay magkakasama kami nang maligaya." Nabasag ang tinig nito.

Halos madurog ang puso ni Jessica sa naging rebelasyon nito. Hindi niya akalaing sa limang taong pagsasama ng kanyang ate at ng asawa nitong si Fernan ay hindi ito naging maligaya. Nakadama siya ng galit sa lalaki lalo na nang maalala ang ginawa nito sa kanya. Pilit niyang iwinaksi sa isip ang pangit na pangyayaring iyon.

"Sa kabila ng mga sakripisyong ginawa ko para sa kanya'y ipinagpapalit pa rin ako sa ibang babae. At gusto na niyang makipaghiwalay sa akin. Now that I look back over it all, I doubt if he ever loved

me. I was only… useful to him.”

Dapat ba niyang ipagtaka ang infidelity ng bayaw? Si Fernan mismo ang nagsabi sa kanya noon na hindi nito talaga minahal ang kapatid niya.

Biglang nanikip ang kanyang dibdib. Hindi puwedeng maging isa lang ang kapalaran nila ng kapatid. Orlando loves her. Oh! Bakit ba siya nakakaramdam ng takot dahil sa mga narinig niyang ito? Hinawakan niya ang kamay ni Jane. Dapat niyang iparamdam dito na hindi ito nag-iisa.

“You will get over it, Ate. Nandito kami ni Andy, hindi ka namin pababayaan. Magpakatatag ka, alang-alang sa mga anak mo.”

“That’s the least I could do.”

Hanggang kinagabihan ay laman ng isip niya ang suliranin ng kapatid.

“Malalim na yata ang iniisip mo?” Kanina pa napupuna ni Orlando sa pananahimik ng asawa, simula pa kaninang dumating ito mula sa universidad.

“Apektado ako sa nangyayari ngayon sa kapatid ko.”

“Bakit? Ano ba ang problema ni Ate Jane?”

"Maghihiwalay na sila ni Kuya Fernan. Ipinagpalit siya nito sa ibang babae." Malamlam ang mga mata ni Jessica nang tumitig sa mukha ng asawa. "Sana hindi dumating ang araw na ang sinapit ng kapatid ko'y mangyari din sa akin."

Ang isipin pa lang iyon ay halos ikamatay niya.

"You're crazy!" bulalas ni Orlando. "Pa'no mo naisip iyan? I love you so much, sweetheart. At hinding-hindi mangyayari ang kinatatakutan mo."

"Sana nga..." Pumikit siya nang mariin nang ikulong siya ng lalaki sa mga bisig nito.

---

Ang buhay ni Jessica ay umiinog sa pagtatrabaho at pag-aasikaso sa asawa. Kung minsan ay dinadalaw niya ang kapatid upang kumustahin ito. Ikinalungkot man niya nang mapag-alamang nag-file na ng annulment si Fernan ay nakadama rin siya ng relief dahil alam niyang hindi na niya kailanman gugustuhing makita pa ito at upang makawala na rin ang kapatid niya sa isang loveless marriage. Pero ang ginawa ni Fernan kay Jane ay naging dagok sa ate niya, lalo na dahil sa dalawang anak na lubos na maaapektuhan ng mga pangyayari. Ang tangi niyang magagawa ay ang tulungan ang kapatid na

makabangon sa problemang kinakaharap.

Lumipas ang mga buwan, Orlando graduated from law school with top honors. Naluha si Jessica sa kaligayahan nang ihandog sa kanya ng asawa ang medalya at diploma nito.

Ang sumunod na mga buwan ay itinuon nito sa pagre-review para sa bar exam. Kung minsan ay nais nang magmarakulyo ni Jessica, pulos libro kasi ang hawak ng asawa at kung hindi pa niya ito aakitin ay hindi pa siya nito papansinin. Panay naman ang paliwanag ni Orlando na ang lahat ng ginagawa nito ay para sa kanilang dalawa rin.

Hanggang isang umaga, napatili si Jessica habang nagbabasa ng peryodiko. Humahangos na lumabas sa kuwarto si Orlando upang daluhan ang asawa.

"Ano'ng nangyari?"

Bitbit ang peryodiko na lumapit si Jessica rito. Niyakap niya ito nang mahigpit. Pinupog niya ng halik sa mukha ang lalaki.

"Hey! Nanalo ka ba sa lotto?" ani Orlando.

Sa halip na sagutin ito, iniabot niya ang diyaryo. Kaagad nitong sinuyod ng tingin ang nais niyang

ipabasa dito.

"Top two ako sa bar exam!" Namimilog ang mga matang tumitig si Orlando kay Jessica. Madamdamin itong yumakap sa kanya pagkatapos. "I owe it to you, sweetheart. Salamat sa lahat ng pang-unawa at pagmamahal."

"I will do everything for you, Andy. Paano... ito na ang katuparan ng iyong mga pangarap."

"Ating mga pangarap, mahal ko," pagtatama nito. At katulad ng ginawa niya rito kanina, pinaliguan din nito ng halik ang buo niyang mukha.

Dahil sa katalinuhang taglay  ni Orlando ay nakapagtrabaho ito kaagad sa isang prestigious law firm. She was bursting with pride. Pinatunayan ng asawang karapat-dapat ito sa kanyang pagmamahal.

"Gift mo para sa akin?" bulalas ni Jessica nang buksan ang laman ng pahabang kahon na inabot ni Andy sa kanya.

"Nagdududa ka ba, mahal ko? Afford ko nang bumili ng mga pangangailangan mo. Aside from that, makakabalik ka na rin sa pag-aaral," excited nitong sabi habang ikinakabit ang mamahaling kuwintas sa leeg niya.

Dinama ni Jessica ang kuwintas. Halos two years din siyang napahinto sa pag-aaral subalit hindi niya iyon pinagsisisihan.

"Thank you, sweetheart." Humilig siya sa malapad nitong dibdib. Orlando was a brilliant lawyer. Minsan na niyang nasubaybayan sa courtroom ang mataktika nitong paraan upang lituhin ang inuusig. His magnetic personality exerted a powerful influence on a jury. Ang kaalaman nito sa batas ay ganap at walang mali.

"Para sa iyo ang lahat ng mga pagsisikap ko, Jessica."

"Hmm... pag-ibig mo lang ang tanging hangad ko, mahal ko."

Bumalik sa pag-aaral si Jessica nang sumunod na school year. She had been away for two years, so she had to throw all her energy into studying to keep up. Sinikap niyang hindi mapabayaan ang pagsasama nila ni Orlando kahit pareho silang abala. Lalo pa at lubha ang pagiging dedicated ng asawa sa trabaho. Madalas itong nag-a-out-of-town para sa mga criminal cases na hinahawakan. Nauunawaan naman ito ni Jessica. Alam niyang hindi basta-basta ang trabahong pinasok ng asawa.

Malugod na ipinakilala ni Orlando ang asawa sa mga kasamahan sa trabaho. Isinama niya ito sa welcome party ng anak ni Don Enrique de Vega. Isa ang matanda sa mga may-ari ng law firm na pinaglilingkuran nito.

Matapos ang maikling pakikipag-usap sa mga co-lawyers ay dinala ni Orlando ang asawa sa buffet table.

Natapos ang kanilang pagkain sa pagsusubuan. Pinili nilang lumayo sa karamihan upang maipagpatuloy ang kanilang paglalambingan. Nawala lang ang pansin nila sa isa't isa nang makarinig ng papalapit na mga yabag.

"Pasensya na kung nakaistorbo kami, Andy. Gusto ko lang ipakilala sa iyo nang personal ang bunso kong anak."

"Don't say that, Don Enrique. Hindi kayo nakaistorbo." Hinapit ni Orlando ang asawa sa baywang nang humarap sa mag-ama.

"Gusto kong ipakilala sa inyo si Barbara, ang aking anak," anang matandang lalaki.

Sinulyapan ni Jessica ang asawa. May kislap sa

mga mata nito nang makipagkamay sa magandang babaeng kaharap.

“Pleased to meet you, Barbara,” anito.

“Me, too, Andy. Ayon kay Papa, isa ka sa pinakamagagaling niyang lawyer.”

Kinailangang tumikhim ni Jessica upang maalis ang pansin ng mga ito sa isa’t isa.

“Oh! This is my wife Jessica.”

“Ikinagagalak kitang makilala, hija.” Binati siya ng matanda ng beso sa pisngi. Pagkatapos, hinarap niya ang anak nito. Nagpalitan ng malalamig na tingin ang dalawang babae.

Kahit gusto niyang ngitian si Barbara, hindi niya iyon nagawa dahil sa nakikita niyang paghahamon sa mga mata nito.

“Hi. Nice meeting you.” Isang pekeng ngiti ang ipinaskil ni Jessica sa mga labi.

“Yeah, same here.” Inabot nito ang inalok niyang kamay.

Humilig siya sa malapad na dibdib ni Orlando. She could not stand the sight of Barbara de Vega.

“Is something wrong?” tanong ng kabiyak sa

kanya.

“Sumasakit ang ulo ko,” mahina niyang anas sa tainga nito.

“I’m sorry but we have to leave. Medyo masama ang pakiramdam ng aking asawa,” baling ni Orlando sa mag-ama.

“Nauunawaan ko, hijo. Salamat nga pala sa inyong pagdating.” Muling inalok ni Don Enrique ang kamay para makipag-handshake sa kanila.

Pinangko ni Orlando ang asawa papasok sa loob ng bahay. Nag-aalala siya nang sabihin nitong masakit ang ulo.

“Kukuha ako ng paracetamol, mahiga ka lang diyan sa kama,” anang lalaki.

“No need. Basta yakapin mo lang ako, mahal.”

Napangiti si Andy nang makahulugan. Ngayon ay alam na nitong hindi talaga sumakit ang kanyang ulo. Nais lang niyang magkaroon sila ng privacy.

“I love you so much, Jessica. Ikaw lang,” anito bago sakupin ang malalambot na labi ng asawa.

Nagdiriwang naman ang puso ni Jessica. Nagtagumpay siyang maiwaksi sa isipan ng lalaki

si Barbara. Hindi iyon dapat makaapekto sa kanya. Lalo pa at ilang ulit na namutawi sa bibig ni Orlando ang labis na pag-ibig sa kanya.

# 4

Kapwa naging abala ang mag-asawa sa kani-kanilang gawain—si Jessica sa kanyang pag-aaral at si Orlando naman sa trabaho nito. Subalit sinisiguro nilang may oras sila para sa isa't isa.

"Tuluyan na palang maninirahan dito sa Pilipinas si Barbara," balita ni Orlando isang araw.

May emosyong gumuhit sa mukha ni Jessica. Sa tuwing naririnig niya ang pangalan ng babaeng iyon mula sa bibig ng asawa ay bumibigat ang kanyang pakiramdam.

"Nag-decide siya na magtrabaho sa sarili nilang law firm. At umaasa si Don Enrique na magiging epektibo ang partnership namin ni Barbara sa bawat kasong hahawakan namin."

Lalong naturete ang utak ni Jessica sa nalaman. Meaning, parati itong makakasama ni Orlando? Hindi puwede!

"I believe mayroon pang willing na makapareha si Miss de Vega sa trabaho. Hindi naman nila mamasamain kung tanggihan mo ang kagustuhan ni Don Enrique."

God knows, sinikap niyang maging kalmante ang boses habang sinasabi ito sa asawa kahit ang gusto niyang gawin ay maghisterya. Wala siyang tiwala sa babaeng iyon.

"Nagsisimula pa lang ako sa trabaho, sweet. Ayokong masabihan ng may-ari na paimportante. Don't worry, kapag nakaipon na ako, hindi ko na kailangan pang magtrabaho para sa iba. Magtatatag na rin ako ng sarili kong law firm. Pero hindi pa sa ngayon."

Kitang-kita ni Jessica ang kislap sa mga mata ni Orlando. Alam niyang darating ang araw na matutupad nitong lahat ang mga minimithing pangarap. At siya, mananatili sa likod ng asawa upang magsilbing lakas nito sa lahat ng hirap na maaari nitong pagdaanan. After all, isa siya sa pinaglalaanan nito kung kaya patuloy itong nagsusumikap.

---

"I have to go, sweet. You take care," paalam ni Orlando matapos siyang hagkan nang magaan sa labi.

Nasundan na lang ito ng tingin ni Jessica. Dalawang taon na naman ang lumipas na ganito ang sitwasyon nila ng asawa simula nang maka-graduate

ito sa college at makapasok sa isang prestigious law firm. Her sister managed to move on without Fernan. Hindi pa bumababa ang decision ng korte tungkol sa annulment ng kasal ng mga ito, pero masasabi niyang bumalik na sa dating normal ang nakatatandang kapatid. Subalit silang mag-asawa ay hindi pa. Napilitan lang tumigil ng isang linggo si Orlando sa kanilang tahanan upang um-attend at i-celebrate ang pagtatapos niya ng kolehiyo. After that, nawala na naman ito sa kanyang paningin. Ang trabaho nito ang humahadlang sa masaya nilang pagsasama. Natatakot siyang iyon din ang maglayo sa kanila.

Kung dati ay panatag ang kalooban ni Jessica kapag nagpupunta sa ibang lugar ang asawa, ngayon ay hindi na. Alam niya kasing kasama nito ang anak ng amo nito. Sa ilang beses nilang pagkikita ni Barbara ay labis siyang nabigla sa damdaming nakikita sa mga mata nito na laan para kay Orlando. Natatakot siyang isiwalat ang lahat ng ito sa asawa. She did not want to sound like a jealous, nagging wife and drive him away from her.

Dahil sa labis na kalungkutang nararamdaman ay napahaplos siya sa sinapupunan. Gusto na niyang magkaanak. Pero maging ito ay hindi pa nagkakaroon ng katuparan sapagkat sa tuwing

nagtatalik sila ng asawa ay hindi ito nakakalimot na gumamit ng proteksyon. Ang katuwiran nito ay hindi pa sila handang magkaroon ng anak at saka na iyon paplanuhin kapag kapwa na sila may oras sa isa't isa.

Isang araw ay dinalaw siya ni Jane. Kita niya ang masayang aura nito at hindi niya napigilang maging curious.

"You're in love again?" Namilog ang mga mata ni Jessica. Napapalatak siya sa narinig na sinabi ng kapatid.

"Ipinakilala siya sa akin ng asawa mo. Kaibigan daw niya si Ian. At simula noo'y naging persistent siya sa panliligaw."

"Tanggap ba niya ang pagkakaroon mo ng anak?"

"Oo at handa niya akong pakasalan. May balak nga siyang tumakbo bilang congressman sa kanilang lalawigan," nakangiting balita pa nito.

Masayang niyakap ni Jessica si Jane. She knew her sister deserved to be happy after all the pain Jane went through during her marriage with Fernan.

Sina Jessica at Orlando ang naghatid kina Jane

at Ian sa airport a few months later. Nagpaplano nang magpakasal ang mga ito dahil habang hinihintay na mapawalang-bisa ang kasal ni Jane kay Fernan.

Isa lang ang tanging kahilingan ni Jessica: sana sa pagkakataong ito ay maging totoong maligaya na ang kapatid sa bagong buhay na tatahakin nito sa piling ng bagong minamahal.

---

Parang pusang di-mapaanak si Jessica sa harapan ni Orlando. Ngayong libre na siya sa responsibilidad sa eskuwelahan ay nais niyang magkasama sila ng asawa ng mahabang araw. Pakiramdam niya ay nanlilimos siya ng atensyon dito. Bilang kabiyak ay karapatan niyang humiling kay Orlando ng nararapat na para sa kanya.

Kagat-labing umupo siya sa tabi ng asawa at humilig sa balikat nito.

Umangat ang ulo ni Orlando mula sa binabasang papeles. Isa na namang kaso ang binubuno nito.

"Do you want to say something?" napilitang anas nito.

"Gusto ko lang na makasama ka... wala kang gagawing anumang trabaho." Pinagapang niya ang

hintuturo sa mapupulang labi nito. "Gusto kong magpunta tayo  sa Boracay. Sa postcard ko lang nakikita ang napakagandang beach na iyon."

May amusement sa mukha ni Orlando nang marinig ang kanyang sinabi. "Gusto ko ring makapag-unwind na kasama ka pero hindi sa ngayon. May importante kaming kaso na hinahawakan ni Barbara."

Ang paglalambing sa asawa ay nauwi sa pagmamaktol.

"You don't have to explain. I got it."

"Hey!" Napakamot sa batok ang lalaki. "Listen... babawi ako sa susunod. Pangako."

Ang pasensyang natitira ay kusang kumawala mula kay Jessica.

"Hindi ako umaasang matutupad ang sinabi mo."

Tumayo na siya, balak layasan ang manhid na asawa. Pupunta siya sa bahay ng kanyang Ate Jane. Alam niyang nakabalik na ito at ang asawang si Ian sa Pilipinas pagkatapos ng kanilang dalawang linggong pananatili sa Hong Kong.

"Where are you going, sweet?"

Hindi niya pinansin ang asawa. Masama ang kanyang loob at baka kung ano pa ang masabi niya rito.

Mariing napapikit si Orlando. Alam niya ang mga pagkukulang niya sa babae. Kaya nga puspusan siya sa pagtatrabaho ay upang magkaroon ng panahon para kay Jessica. At sana ay habaan pa nito ang pasensya.

---

"Alam ba ng asawa mo na nandito ka?" namimilog ang mga mata na tanong ni Jane sa kapatid. Kilala siya nito, hindi niya ugali ang basta na lang susulpot nang walang pasabi.

"Hindi." Nahahapong naupo siya sa sofa.

"May tampuhan ba kayong dalawa?"

"Sort of," matabang na sagot niya.

Ang pag-uusap ng magkapatid ay pinutol ng sunud-sunod na tunog ng telepono. Palibhasa ay malapit lang sa kinauupuan ni Jane ang phone kaya nasagot kaagad nito iyon.

"Hello?" Saglit itong tumahimik. "Nandito nga at may topak. Hay naku! Orlando, ngayon pa lang binabalaan na kita. Mabait ang kapatid ko, pero

kapag nagalit... matindi." Umismid si Jessica nang marinig ang pangalan ng asawa. Muling nakinig si Jane sa sinasabi ng kausap sa kabilang linya. "Sure. 'Bye." Natatawang ibinaba nito ang receiver pagkatapos ay nilingon siya. "Darating ang asawa mo. Makipagkasundo ka na sa kanya."

Napilitan siyang tumango. Hindi rin naman niya gustong magkaroon sila ng tampuhan.

---

Salubong ang mga kilay ni Jessica nang makita si Barbara na kasama ni Ian.

"Honey..." Lumapit ang lalaki kay Jane. Yumakap dito nang mahigpit. "May pag-uusapan kami about business. Dapat ay si Don Enrique ang kausap ko pero may biglaan siyang pinuntahan."

"I see..."

"It's good to see you, Jessica," ani Ian na bumaling sa hipag. "Where's Andy?"

"Susunod na siya dito," aniya.

"Ah, that's good. May ihihingi kasi ako sa kanya ng payo."

"Oh, no!" singhap ni Jane. "Spare him, may

lovers' quarrel sila."

"Nangyayari talaga iyan sa mga nagmamahalan," ani Ian na kaagad nakaunawa.

May kung anong damdaming nakalarawan sa mukha ni Barbara, at nahagip ito ng paningin ni Jessica. Kapwa sila napalingon nang bumukas ang front door at iniluwa niyon si Orlando.

Ang ngiti ng lalaki ay napalis nang makita si Barbara. Bahagya itong tumango sa abogada at saka sabik na lumapit kay Jessica at niyakap siya nang mahigpit.

"Galit ka pa ba sa akin?" paanas nitong tanong.

"Ano sa palagay mo?" Lumabi siya.

Napangiti ang lalaki at bumaling kina Ian at Jane. "Hiramin muna namin ang library ninyo, ah. May pag-uusapan lang kami."

Tumango ang mag-asawa at hinarap si Barbara na nakasunod ang mga mata sa kanila.

Napapikit si Jessica nang pagkapasok sa silid ay kaagad siyang hapitin ng asawa sa baywang at hagkan nang mariin sa labi. Mabilis na natunaw ang hinanakit niya rito.

"You know how much I love you, Andy. At oras-oras ay nais kong parati kitang nakikita. Kaya please lang, isama mo ako sa susunod ninyong out-of-town."

Naupo si Orlando sa couch na naroon sa library, nakahawak pa rin sa baywang niya. Napasadlak siya sa kandungan nito.

"Hindi maaari ang gusto mo. Makakagulo ka sa trabaho ko. Alam mong malaki ang epekto mo sa akin." Ipinadama nito sa kanya ang ibabang bahagi ng katawan nito upang madali niyang maunawaan ang ibig nitong sabihin. Kumalat ang pamumula sa mukha ni Jessica. Napahalakhak ito nang makita ang naniningkit niyang mga mata.

"Bastos!" Lalo itong napatawa sa tinuran niya.

"Sa palagay mo ba'y lalabas ako ng silid, knowing na nandiyan ka lang sa tabi ko? Kawawa naman ang mga taong umaasang maipapanalo ko ang kaso nila."

Lumabi si Jessica. Gusto niyang sigawan ito. Maaaring ang dahilan kung bakit ayaw siya nitong isama ay dahil kay Barbara. Ngunit nang muli siya nitong hagkan sa labi ay napawi ang mga agam-agam niya.

Panay ang sulyap ni Jessica sa labas ng bintana. Tumawag si Orlando at sinabing magdi-dinner ito sa kanilang bahay. Lumabas siya nang makita ang papasok na kotse nito sa kanilang garahe. Second-hand iyon pero mukha pang bago.

Ang paglapit sa asawa ay naudlot nang makita ang babaeng pinagbuksan nito ng pinto sa front passenger seat. Pakiramdam niya ay tinadyakan ng kabayo ang kanyang dibdib.

"Sweet..." bati ni Orlando. Kinabig siya nito sa baywang nang makalapit sa kanya. "Si Barbara. Mayroon lang kaming mahalagang pag-uusapan kaya kasama ko siyang umuwi."

Bahagyang tumango siya sa babae. Pero sa kalooban niya ay nais niyang pilipitin ang leeg ng impaktang si Barbara.

Habang nag-uusap ang dalawang abogado ay inayos ni Jessica ang mesa. Kung puwede lang niyang lasunin ang buwisit na babae…

Pormal ang mukhang tinawag niya ang mga ito nang matapos maghain. Sa dining room ay sinikap niyang makisali sa usapan. Hindi niya hahayaang ma-out-of-place siya.

Gayon na lang ang pagpupuyos ng kanyang kalooban dahil tila sinasadya ni Barbara na tungkol sa trabaho ang topic para hindi siya makasali sa usapan.

Matapos maghapunan ay napag-isa siya muli sa komedor. Sina Barbara at Orlando ay wala pa ring puknat sa pag-uusap sa kasong hawak ng mga ito. Uminit ang kanyang ulo nang makitang nagtatawanan ang dalawa at tila hindi na tungkol sa trabaho ang pinag-uusapan.

"It's getting late, Andy. Hindi pa ba tapos ang pinag-uusapan ninyo?" usisa niya sa pinakamalamig niyang tono.

"Sweet, of course. Aalis na si Barbara. Hinihintay ka lang niya upang makapagpaalam."

"That's right, Jessica. Salamat nga pala sa masarap na hapunan," anang plastik na babae.

Lumapit si Orlando sa kanya. "Ihahatid ko lang siya sa bahay niya."

Nagpanting ang tainga ni Jessica sa narinig.

"You can't." Mahigpit siyang kumapit sa braso nito na para bang hindi na gustong kumawala pa.

"It's okay, Andy," singit ni Barbara. "Magta-taxi

na lang ako. Magkita na lang tayo sa opisina bukas."

Napatango na lang ang lalaki. Nababaghan ito sa ikinikilos ng asawa.

"Para saan ang ikinikilos mong ito? You're confusing me," pormal na sabi nito nang tuluyang makaalis ang bisita.

"You're my husband, Andy. Unless gusto mo na akong ipagpalit kay Barbara," she said acidly.

Tumalim ang tingin nito sa kanya. "Sumosobra ka na! Hindi tamang pagselosan mo ang taong pagtulong sa kapwa ang iniisip."

Tumaas na ang boses niya. "Stop defending her! Huwag mong hayaang mas lalo kong pagdudahan ang pagiging malapit ninyong dalawa."

"You're going nuts!" Kuyom ang kamay na nilisan ng lalaki ang bahay.

Napahagulhol si Jessica. Iyon ang unang beses na sinigawan siya ng asawa. Nang dahil lang kay Barbara. Higit pa sa kanyang sarili ang pagmamahal na inialay niya kay Orlando. At ang isiping handa siya nitong ipagpalit sa ibang babae ay tila kamatayan ang hatid sa kanya.